# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



## MODYUL 10

## NEO-KOLONYALISMO: ANG BAGONG URI O PAMAMARAANG KOLONYALISMO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

**MODYUL 10**

**NEO-KOLONYALISMO: ANG BAGONG URI O PAMAMARAANG KOLONYALISMO**

Napag-aralan mo sa nakaraang aralin ang masidling pagmamahal ng mga Asyano sa kanilang bansa. Nagkaroon ng mga pagkilos at pag-alsa sa mga bansang laban sa kolonyalismo. Tuluyang nawala ang imperyalismo at maraming bansa ang naging malaya at nagsasarili. Mula noon, maituturing ban a ang mga bansa sa Asya lalo ang Pilipinas ay ganap ng Malaya at wala ng bahid ng mga impluwensyang kolonyal?

Sa modyul na ito, tatalakayin ang bagong uri o pamamaraang kolonyalismo na ginagamit sa mga bansang Asya ng mga Kanlurang malalakas at mayayamang bansa.

May dalawang aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1: Neo-Kolonyalismo sa Asya at ang mga Anyo Nito
- Aralin 2: Bunga ng Neo-Kolonyalismo

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga anyo at ang pamamaraan sa neo-kolonyalismo;
2. Maipaliliwanag ang mga bunga o epekto ng neo-kolonyalismo; at
3. Masusuri ang mga reaksyon o tugon ng mga Asyano sa neo-kolonyalismo.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Itambal ang tinutukoy sa bawat bilang sa kaliwang hanay sa mga salita sa kanang hanay.

1. Pinakaindustriyalisadong bansa sa Asya.
2. Sa paglaya ng maraming bansa, nawakas ang sistemang ito.
3. Bagong paraan ng kolonyalisasyon ng isang maunlad na bansa.
4. Pinakamalakas na kapangyarihang kapitalista pagkatapos na digmaan.
5. Nagtaguyod ng sosyalismo at komunismo
6. Organisasyong itinayao sa Timog-Silangang Asya.
7. Pandaigdigang samahan ng mga bansa.
8. Kumperensya sa Asya na tumulig sa kolonyalismo.
9. Ito ang ginamit na Hapon sa pananalakay sa Asya.
10. Ang tawag sa bansang Estados Unidos atb USSR.

A. Super Power

B. Ekonomiya

C. Bandung  Conference

D. UN

E. SEATO

F. USSR

G.Estados Unidos

H. NEO-kolonyalis

I. Kolonyalismo

J. Japan


K. CIA

**ARALIN 1**

**NEO- KOLONYALISMO NG ASYA: ANG MGA ANYO NITO**



Matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang pinakamahalagang pangyayaring naganap sa mga bansa sa Asya tulad ng India, Pakistan, at Pilipinas ay ang pagkaroon ng kalayaan mula sa kamay ng makapangyarihang lolnyal. Ngunit nababanaag pa rin ang pagnanais ng mga makapangyarihang bansa sa ipagpatuloy ang kanilang interes sa mga bansang naging biktima. Sa anu-anong paraan?



Matapos ang Araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mapaghahambing ang pagkakaiba ng kolonyalismo at neo-kolonyalismo;
2. Matatalakay ang mga bansang ng larawan ng neo-kolonyalismo at;
3. Masusuri ang mga anyo at instrumentong ginamit ng neo-kolonyalismo;



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Alin sa palagay mo ang tunay na layunin ng pagsilang ng neo-kolonyalismo? Ipaliwanag ang iyong napili sa mga sumusunod:

A. Di-tuwirang pagkontrol sa isang malayang bayan ng isang makapangyarihang bansa.

B. Pagsasaayon ng kabuhayn ng di- maunlad na bansa.

C. Ang pagnanais ng mga makapangyarihang bansa na ipagpatuloy ang kanilang interes sa mga bansang naging biktima.

D. Pagbibigay ng tunay na kalagayan sa mga bansang nasakop.

E. Upang pigilin ang pagpalaganap ng sosyalismo at komunismo sa Asya.

**Mga Anyo at Instrumentong Ginagamit ng Neo-Kolonyalismo**

Maraming mga bansa ang nagkaroon ng kasarinlan pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig. Nagwakas ang sistemang kolonyalismo sa paglaya ng maraming mga bansa.

Sinasabing pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdigan, hindi maiwasan ang kalagayang kung saan ang malalakas na bansa ay may control pa rin sa mga maliit at mahinang bansa. Masasabing may control pa rin ang malalakas na bansa sa mahihinang bansa sa ibang aspeto o anyo. Ito tinatawag na neo-kolonyalismo. Ito ang bagong paraan ng kolonyalisasyon sa pamamagitan ng pagkontrol sa buhay pampulitika, at pang-ekonomiya ng isang maunlad na bansa sa hindi maunlad na bansa. Ang mga bansang U.S. at Japan ay larawan ng neo-kolonyalismo sa mga bansa sa Asya lalo na sa larangan ng ekonomiya at kultura.

Ano nga ba ang mga anyo ng neo-kolonyalismo? Maraming maparaan ang ginagamit na kung saan naiimpluwensyahan tayo ng mga dating mananakop sa maraming taon. Nandoroon pa rin ang pakikialam ng mga bansang nanakop sa mga bansang lumaya na.

Ang mga instrumentong ginagamit ng neo-kolonyalismo upang makuha nito ang gusto sa malalayang bansang Asyano ay kinabibilangan ng mga pamamaraang pang-ekonomiya at pangkultira. May mga militar at mga pailalim na gawain ng mga istitusyong pang-espiya.

**Dayuhang Tulong o Foreign Aid**

Ilang instrumento ng mga neo-kolonyalismo ang nagkaloob sa tinatawag na dayuhang tulong (Foreign Aid) pang-ekonomiya, pangkultura, at pangmilitar.

**A. Pulitikal**

**Lihim na Pagkilos (Covert Operation)**

Kung hindi mapasunod nang mapayapa, gumawa ng paraan ang mga neo-kolonyalista upang guluhin ang isang pamahalaan o ibagsak ito ng tuluyang.

Halimbawa noong 1951, pinabagsak ang pamahalaang ni Mohammad Mossadegh ng Iran at tinulungan ng Estados Unidos si Mohammad Reza Sha Phalavi na malulok muli sa kapangyarihan.

Tinulungan din ng U.S. si Ngo Dinh Diem laban kay Ho Chi Minh na maging pinuno ng Timog Vietman.

Sa Pilipinas, ipinadala ng CIA si Edward Lansdale hindi lamang upang sugpuin ang mga Huk kundi tumulong din na mailuklok sa katungkulan ang isang pangulong manatiling tapat sa Estados Unidos.

**B. Ekonomiya**

**Dayuhang Pautang o Foreign Debt**

Anumang pautang ang International Monetary Fund (IMF), World Bank o ng Estados Unidos ay laging may mga kondisyon.

Kabilang sa mga kondisyon ang pagbubukas ng ekonomiya sa dayuhang pamumuhunan at kalakalan, pagsasapribado ng mga kumpanya at pagbaklas ng mga monopolyo, pagpapababa ng halaga ng salapi, at pagsasaayos ng sistema ng pagbubuwis. Kung hindi susundin ang mga kondisyon, hindi makauutang ang umuutang.

**C. Pangkultura**

Kaisipan ang hinawakan sa ganitong pamamaraan.

Maraming Pilipino ang naipadala sa Estados Unidos upang magpakadalubhasa. Tinatawag silang mga pensyonadong mag-aaral, at kumikilos nang tila Amerikano nang magbalik sa Pilipinas.

Natutuhan ng mga Pilipino ang mga bagay na totoong banyaga sa kanilang kamalayan tulad ng Christmas, Santa Claus, Snow White, at Mistletoe na totoong hindi matatagpuan sa bansa.

Maging ang mga aklat sa paaralan ay dumakila sa buhay ng mga bayaning Amerikano tulad nina Washington, Jefferson, at Lincoln.

Bahagi rin ng imperyalistang cultural ang pagpasok ng iba't- ibang pagkaing Amerikano tulad ng: hotdog, hamburger, at mansanas.


Masamang epekto sa mga Pilipino ang pagpairal ng Wikang Ingles bilang wikang gamitin sa mga paaralan.

**D. Militar**

Pagkatapos ng digmaan, ipinamigay ng Estados Unidos ang mga natitirang (surplus) kagamitang militar.

Ang pagpapadala ng mga pulis at sundalo sa Estados Unidos upang magsanay.

Pagpapalaganap ng mga tagapayong militar upang tulungan ang pamahalaan sa pangangalaga ng seguridad ng bansa.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Ngayong nabasa mo na ang iba't ibang anyo ng neo-koloyalismo bilang bagong pamamaraang ginagamit ng mga kolonyalistang bansa, sagutan ang mga sumusunod kung anong anyo o uri ng Neo-kolonyalismo, Pulitika, Ekonomiya, Pangkultura, at Militar.

______1. Pagbibigay ng suportang pananalapi.
______2. Pag-angkat ng mga hilaw na gamit.
______3. Pagpapahiram ng mga pondo para sa pagpapaunlad .
______4. Pagsama sa UN upang pangalagaan ang kapangyapaan.
______5. Maraming Pilipino ang naipadala sa Estados Unidos upang magpakadalubhasa .
______6. Pagpasok ng iba't- ibang pagkaing Amerikano tulad ng hotdog at hamburger.
______7. Pagpapalaganap ng mga tagapayag militar.
______8. Pagpapairal ng Wikang Ingles bilang wikang gagamitin sa mga paaralan.
______9. Pagtulong sa isang pinuno na manatiling tapat sa U.S.
______10. Pagkakaloob ng isang dayuhang pautang.



**Tandaan Mo!**

- Ang neo-kolonyalismo ay bagong paraan ng kolonyalismo. Ito ay may iba't- ibang anyo at bawat isa ay may pamamaraan ng pagkontrol sa buhay pampulitika at pang-ekonomiya ng mga di-maunlad na bansa.



**Gawain 3: Paglalapat**

Pangatwiranan mo:

1. Paano nakaapekto sa iyong sarili ang bagong paraan ng kolonyalismo tulad ng sa paraang pangkultura? ________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________

2. Mag-interbyu ng mga matatanda sa iyong lugar kung paano nakaapekto sa kanilang buhay ang bagong paraang neo-kolonyalismo. ________________
________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________
________________________________________________________

**ARALIN 2**

**NEO-KOLONYALISMO SA ASYA: BUNGA AT EPEKTO NITO**

Sa nakaraang aralin ay napag-aralan mo ang kahulugan at mga anyo ng neo-kolonyalismo. Nakabuti nga kaya o nakasama ang neo-kolonyalismo sa mga bansang sakop? Maraming palatandaan na ang neo-kolonyalismo ay hindi tunay na nakatulong sa kagalingang palipunan ng mga bansang sakop sa kabila ng mga tulong politikal, militar, at pangkabuhayan.

Sa modyul na ito, ay tutunghayan kung ano nga ba ang tunay na naging bunga at epekto sa mga di- maunlad na bansa ng neo-kolonyalismo.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang mga bunga at epekto ng neo-kolonyalismo; at
2. Masusuri ang mga reaksyon o tugon ng mga Asyano sa neo-kolonyalismo.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Gumawa ng maikling kwento tungkol sa larawan. Ano ang nais na ipahiwatig sa larawang ito?



**Bunga at Epekto ng Neo-Kolonyalismo**

**A. Ekonomiya at Pangkabuhayan**

Natural sa mga bansa sa daigdig ang humingi ng tulong sa ibang bansa. Natural din na tumutulong ang ibang bansa sa pangangailangan. Ngunit ang dayuhang tulong (foreign aid) ay nagagamit ng mga tinutulungang bansa sa kanilang kagustuhan.

Hindi nagtangka ang mga Amerikano na maiahon ang kabuhayan ng mga Pilipino mula sa sistemang agrikultural tungo sa pagiging industriyal, manapa'y pinilit na maitakda ang Pilipinas bilang agrikultural na bansa na maaring pagkunan nila ng mga hilaw na materyal para sa kanilang industriyal.

Pantang na may mga kondisyong nagtatali sa mundo ng kapitalismo. Dahil dito, hindi rin kakahaon sa utang ang mahihirap na bansa. Debt trap ang itinawag dito. Dahil sa walang layunin na gawing industriyalisado ang mga bansang umuutang, lalong gindi sila makaahon sa pagkakautang at sa labis na kahirapan.

Kaya ang bunga ay: Hindi magandang resulta ang kita at trabaho. Paglaki ng agwat ng mayaman sa mahirap. Ang dagdag na 23% na GNP ay walang epekto sa mahirap na bahagdan ng populasyon.

Marami ang maysakit na karaniwang antas ng tao tulad ng sakit sa tuberkolosis sa kababaihan at malnutrisyon sa maraming bata.

Apektado rin ang edukasyon dahil na rin sa kahirapan. Noong 1950, 22.7% ang hindi pumapasok sa paaralan dahil sa kahirapan.

Sa mga siyudad karaniwang ang mga bata ay namumulot ng basura. Ang pinakalala ay ang paglaganap ng squatters.

**B. Pangkultura**


Bahagyang na lamang nabigyan ng pansin sa mga kurikula sa paaralan ang buhay ng mga bayaning Pilipino tulad nina Jose Rizal, Mabini, Bonifacio, del Pi at iba pa. Higit na kamangha-mangha ang kawalan ng mga bayaning Pilpino noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano.

Nagbigay ng masamang epekto sa mga Pilipino ang pagpapairal ng wikang Ingles bilang wikang ginagamit sa mga paaralan. Napabayaan ang sariling kalinangan at maging ang sariling wika. Ang mga ito ang ilan sa naging ugat upang magtaglay ang mga Pilipino ng kaisipangkolonyal na pumupuri at dumurakilasa anumang bagay na gawa sa Estados Unidos at pagsasantabi sa mga bagay na gawa sa sariling bayan.

Pagpasok ng iba't-ibang pagkaing Amerikano na ngayo'y palasak na sa panlasang mga Pilipino at ipinagpalit ang katutubong mga pagkaing tulad ng kalamay, puto, latik, at bibingka. Maging ang pananaw ng mga Pilipino sa buhay ay nabahiran na rin ng imperyalismo. Naghangad ang mga Pilipino ng pagkaroon ng mga materyal na bagay na siyang batayan ng katayuan sa lipunan.

Kaya ang resulta ay ang mga sumusunod:

- Nakaapekto ng malaki ang pag-aanunsyo sa mass media sa pagbabago ng panlasa at kagustuhan ng mga tao.
- Pangunguna ng mga produktong imported sa kaso ng Pilipinas.
- Nagbunga ng paglikas mula sa pook na rural tungo sa pook urban na nagbunga ng kulturang Slum o Squatter.
- Nagbunga ng kaisipang kolonyal lalo na sa mga bansang di-maunlad.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Lagyan ng tsek ang mabuti at di-mabuting epekto ng neo-kolonyalismo.

| | **Mabuti** | **Di-mabuti** |
|---|---|---|
| 1. Pagkaroon ng kaisipang kolon<br>2. Pagkahilig sa imported | | |
| 3. Kulturang Slum o Squatter | | |
| 4. Makabagong pamamaraan ng produksyon | | |
| 5. Makabagong sistema ng pagbubuwis | | |
| 6. Paglaki ng agwat ng mayaman at mahihirap | | |
| 7. Paglaki ng populasyon | | |

| | | |
|---|---|---|
| 8. Mababang antas ng edukasyon | | |
| 9. Modernong sistema ng transportasyon | | |
| 10. Paglikas mula rural tungo sa urban | | |

B. Pangatwiranan kung bakit mabuti o di-mabuti ang iyong sagot.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________



**Tandaan Mo!**

- Ang neo-kolonyalismo ay bagong paraan ng kolonisasyon sa pamamagitan ng pagkontrol sa buhay pampulitiko at pang-ekonomiya ng isang maunlad sa hindi maunlad na bansa.
- Iba't-iba ang anyo ng neo-kolonyalismo, may militar, pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkultura.
- Ang neo-kolonyalismo ay maaring magbunga ng mabuti at di-mabuti batay sa bansang nagsasagawa ng patakarang neo-kolonyalismo.



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- Ang neo-kolonyalismo ay bagong paraan ng kolonyalismo. Ito ay may iba't- ibang anyo at bawat isa ay may pamamaraan ng pagkontrol sa buhay pampulitika at pang-ekonomiya ng mga di- maunlad na bansa.
- Ang neo-kolonyalismo ay bagong paraan ng kolonisasyon sa pamamagitan ng pagkontrol sa buhay pampulitiko at pang-ekonomiya ng isang maunlad sa hindi maunlad na bansa.
- Iba't-iba ang anyo ng neo-kolonyalismo, may militar, pampulitika, pang-ekonomiya, at pangkultura.
- Ang neo-kolonyalismo ay maaring magbunga ng mabuti at di-mabuti batay sa bansang nagsasagawa ng patakarang neo-kolonyalismo.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

A. Sabihin kung tama o mali.

___________ 1. Ang neo-kolonyalismo ay tumutukoy sa bagong paraan ng kolonyalisasyon.

___________ 2.Sa ilalim ng neo-kolonyalismo maraming restriksyon ang ipinatupad ng mga bansang kolonyalismo.

___________ 3. Ang neo-kolonyalismo ay may paraan ng pagkontrol sa buhay pampulitiko at pang- ekonomiya ng isang maunlad na bansa sa hindi maunlad na bansa.

___________ 4. Ang neo-kolonyalismo ay may mabuting epekto sa lupang sakop.

___________ 5. Nagdulot ng kulturang slum ang neo-kolonyalismo.

B. Sabihin kung pangkabuhayan o pangkulturang bunga ng neo-kolonyalismo.

1. mababang antas ng edukasyon ____________________
2. kulturang slum ____________________
3. paglaki ng agwat ng mayaman at mahirap ____________________
4. pagsasalita ng wikang Ingles ____________________
5. pagkahilig sa imported na pagkain ____________________
6. baon sa utang panlabas ____________________
7. kaisipang kolonyal ____________________
8. itiknada ang Pilipinas bilang agricultural na bansa ____________________
9. malnutrisyon sa mga bata ____________________
10. reporma sa lupa ____________________



## GABAY SA PAGWAWASTO

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. J
2. I
3. H
4. G
5. F
6. E
7. D
8. C
9. B
10. A

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

**A**

1. TAMA
2. TAMA
3. TAMA
4. TAMA
5. TAMA

**B**

1. PANGKABUHAYAN
2. PANGKULTURA
3. PANGKABUHAYAN
4. PANGKULTURA
5. PANGKULTURA
6. PANGKABUHAYAN
7. PANGKULTURA
8. PANGKABUHAYAN
9. PANGKABUHAYAN
10. PANGKABUHAYAN